



Wala ba kayong tirahan? Walang permanenteng address? Maaari pa rin kayong makaboto!

1

Magparehistro upang makaboto

(Rehistrado na? Lumaktaw sa Hakbang 2, at siguraduhin na muling magparehistro tuwing nagbabago ang inyong impormasyon.)

- ✓ Punan at ibalik ang papel na form ng pagpaparehistro (makukuha sa mga aklatan, sa karamihan ng mga ahensyang tumutulong sa publiko, sa tanggapan ng Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, Room 48, o sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.)
- ✓ Magparehistro online sa RegisterToVote.ca.gov.

Kung wala kayong permanenteng address, ilagay lamang ang lokasyon ng kung saan kayo namamalagi (hal. interseksyon ng mga kalsada, pampublikong parke, o kanlungan) sa puwang ng **“Address ng Tirahan”** sa inyong form para sa pagpaparehistro ng botante.

Kung hindi kayo nakatatanggap ng mga pinapadalang koreo sa inyong tirahan ngunit mayroon kayong hiwalay na address na pang-koreo, maaari ninyong ilagay ito sa puwang ng **“Address na Pang-koreo”**. Ipapadala ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong balota at mga pang-eleksyong materyales sa address na iyon. (Kung wala kayong address na pang-koreo, maaari pa rin kayong makaboto sa pamamagitan ng koreo o nang personal.)



2

Magpasiya kung paano kayo boboto

Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

Humigit-kumulang 29 na araw bago ang bawat Araw ng Eleksyon, **awtomatiko kayong padadalhan ng Departamento ng mga Eleksyon ng pakete ng balota** sa address na nasa inyong file. Maaari din ninyong kunin ang inyong pakete ng balota sa Sentro ng Botohan sa City Hall, i-awtorisa ang isang kapamilya o kasama sa bahay na kunin ito para sa inyo, o i-download at markahan ang inyong balota online sa sfelections.org/Access.

Matapos markahan ang inyong balota, ipasok ito sa loob ng bayad na ang selyong pambalik na sobre na kalakip ng inyong pakete ng balota. Ibalik ito sa pamamagitan ng koreo o dalhin sa alinmang lugar ng botohan, kahon na hulugan ng balota, o sa Sentro ng Botohan sa City Hall.

Bumoto nang Personal

Simula 29 na araw bago at sa buong Araw ng Eleksyon, maaari kayong makaboto nang personal sa **Sentro ng Botohan sa City Hall**. Sa Araw ng Eleksyon, maaari kayong bumoto nang personal sa **itinalaga para sa inyong lugar ng botohan**. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga opsiyong ito, pumunta sa sfelections.org/MyVotingLocation o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

Tandaan ang mga sumusunod na petsa sa pagpapasiya ninyo kung paano kayo boboto:

- ✔ Para makatanggap ng vote-by-mail na pakete sa koreo o ma-access ito online, kailangang makapagparehistro kayo nang hindi lalagpas ng 15 na araw bago ang Araw ng Eleksyon. (Matapos ang petsang ito, maaari pa rin kayong magparehistro at makaboto nang personal.)
- ✔ Simula sa apat na linggo bago ang Araw ng Eleksyon, maaari ninyong i-awtorisa ang inyong kapamilya o kaibigan na may edad 16 pataas, na kunin at ihatid sa inyo ang inyong balota. Maaari kayong magawtorisa ng sinuman para ibalik ang inyong balota.
- ✔ Simula isang linggo bago ang Araw ng Eleksyon, maaari kayong makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para mahatiran kayo ng balota sa panahon ng emerhensya kung hindi ninyo kayang pumunta sa botohan para makaboto nang personal.

Tumulong sa inyong komunidad at kumita ng pera!



Upang mag-apply para sa panandaliang pang-eleksyong posisyon o magsilbi bilang manggagawa sa lugar ng botohan, makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon o bumisita sa sfelections.org/PW-FED-Careers.